

# SANDIGAN



Opisyal na Lathalain ng ATI-RTC MIMAROPA

Bolyum 4 Bilang 1 | Enero - Disyembre 2023

## PAGSUSURI AT PAGSULONG

*Kwentong BSF Farming ni G. Nelson B. Gabutero, Sr.*

### ATING SILIPIN

- #AgriKids: Pagtanim ng Binhi ng Agrikultura
- ATIng Tindahan, Bukas na!
- Coco FBS: Kumikitang Kabuhayan Sa Pagniniyugan

# PATNUGUTAN

## TAGAPAYO



Pat Andrew B. Barrientos, M.M., J.D.  
Center Director



Norberto C. Maur  
Assistant Center Director

## PUNONG PATNUGOT

Josephine D. Umali, MPM-RD

## PANGALAWANG PATNUGOT

Erlan D. Pasana, MPM-RD

## TAGAPAMAHALANG PATNUGOT

Jezell dT. dela Cruz, MPA

## MGA MANUNULAT

Josephine D. Umali, MPM-RD

Erlan D. Pasana, MPM-RD

Jezell dT. dela Cruz, MPA

Engr. Cheri Dawn F. Falogme

Roseanne D. Nilo

Jayson N. Erondo, MSA

## TAGADIBUHO

Michael Daven T. Jugno

## MGA LARAWAN

Tagapagpadaloy ng Programa  
Reynante Agustin



Inilathala ng:  
Department of Agriculture  
**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**  
Regional Training Center - MiMaRoPa  
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

Karapatang-ari 2023.  
Reserbado ang lahat ng karapatan.

# TUNGKOL SA PABALAT



Ang kanyang pagsasanay at pagsusuri sa BSF, kasama ang vermiculture, ay nagdala ng sustenable at matipid na pamamaraan ng pagsasaka na nagbibigay inspirasyon sa ibang magsasaka upang mapabuti ang kalagayan ng kanilang pamumuhay at mapangalagaan ang kalikasan.

# NILALAMAN

## BALITA

- 03 #AgriKids: Pagtanim ng Binhi ng Agrikultura
- 04 Kabataang OA, Kinabukasan OK!
- 05 3 PGS Groups sa MIMAROPA, Ginawaran ng Participatory Organic Certificates
- 06 ATIng Tindahan, Bukas na!
- 07 Bagong Usbong ng Organikong Magsasaka: Tagumpay ng YSGOF
- 11 Coco FBS: Kumikitang Kabuhayan Sa Pagniniyugan
- 12 Pagsasanay at Paghuhusay: Daan Tungo sa Matatag na Ekonomiya ng Industriya ng Magniniyog
- 13 Radyo Eskwela sa Pagpapalayan at Pagniniyugan Mahigit 3,000 ang Nagsipagtapos
- 14 Pagdiriwang ng Kasaysayan: Matagumpay na Pagsasagawa ng NRAM

## TAMPOK NA KWENTO

- 8 Pagsusuri at Pagsulong: Kwentong BSF Farming ni G. Nelson B. Gabutero, Sr.
- 15 "May malaking FUTURE sa AGRICULTURE."

# #AGRIKIDS: PAGTATANIM NG BINHI NG AGRIKULTURA

ni: Jezell dT. dela Cruz



Ang Agricultural Training Institute (ATI) ay nagbibigay-halaga sa pagtatanim ng binhi ng kaalaman sa maagang yugto ng buhay.

Noong ika-30 ng October 2023, isinakatuparan ito sa pamamagitan ng programang AgriKids: Cultivating Young Minds, isang inisyatibang naglalayong ipakilala sa mga kabataan ang kahulugan at kagandahan ng agrikultura.



Sa pamamagitan ng AgriKids, layunin nito ang pagbibigay ng mahahalagang impormasyon at inspirasyon sa mga kabataan tungkol sa pagsasaka. Sa isang araw na puno ng kasiyahan at

kaalaman, naging junior farmers ang 27 na mga batang kasali.

Suot-suot ang mga kasuotang pang-magsasaka, ipinakilala ang mga bata sa mundo ng agrikultura sa unang bahagi ng programa. Nagsimula ito sa isang araw na puno ng iba't ibang aktibidad. Sa interaktibong at informatibong sesyon, pinanood nila ang mga video na naglalarawan ng iba't ibang aspeto ng pagsasaka at binigyan sila ng coloring sheet upang ipakita ang kanilang pagkamalikhain.



Isa sa mga tampok ng programa ay ang eco-friendly DIY activity, kung saan may pagkakataon ang mga AgriKids na gumawa ng kanilang sariling disenyo sa mga plastic pots na gawa mula sa recycled plastic bottles. Hindi lamang ito nagtuturo ng responsibilidad sa kalikasan kundi nagbibigay din ng halaga sa paggamit muli ng mga materyales sa agrikultura.

Ang farm tour sa ATI Technodemo Farm ay nagdulot ng mas malalim na pang-unawa sa agrikultura. Dito, nakakita at nakaranas ang mga AgriKids ng mga hayop sa bukid. Nagkaruon sila ng pagkakataong pakainin at alagaan ang mga kambing, tupa, kuneho, at manok.



Ang pag-ani ng sariwang gulay mula sa ATI Technodemo Farm ay nagbigay ng praktikal na karanasan sa mga batang kasali. Sa pamamagitan nito, naranasan nila kung paano magsikap sa pagsasaka at naiintindihan ang kahalagahan ng produksyon ng pagkain mula sa bukid hanggang sa mesa.

Sa pagtatapos ng araw bilang junior farmers ang mga AgriKids ay umalis na bitbit ang hindi lamang kasiyahan kundi pati na rin ang kuryusidad, kaalaman, at pagmamahal sa agrikultura.

Ang layunin ng programa ay hindi lamang ang pagtatanim ng binhi ng kaalaman kundi ang pag-usbong ng mga kabataang magsasaka na magtataguyod at magpapalawak ng importansya ng agrikultura.

# KABATAANG OA, KINABUKASANG OK!

ni: Jezell dT. dela Cruz



Ipinagdiwang ng Agricultural Training Institute (ATI) MIMAROPA ang Search for Kabataang OA (Quiz Bee) 2023 noong ika-10 ng Oktubre 2023 sa ATI, Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro.

Ang aktibidad sa pangkalahatan ay naglalayong lumikha ng kamalayan sa organikong agrikultura, gayundin ay palakasin ang pagpapatala sa agrikultura at mga kursong nauugnay dito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang agricultural quiz bee na nakatuon sa mga teknolohiya at kasanayan sa produksyon ng organikong pagsasaka.



Sa kanyang pambungad na mensahe, sinabi ni G. Norberto C. Maur, Assistant Center Director na ang Search for Kabataang OA 2023 ay isang quiz bee na idinisenyo upang maging higit pa kaysa sa isang simpleng kompetisyon. Layunin nito ang magbigay ng

inspirasyon, turuan, at engganyuhin ang mga kabataan tungkol sa agrikultura, partikular na nakatuon sa mga organikong pamamaraan.



Dalawampu't tatlong (23) estudyante mula sa Mindoro State University (MinSU), Romblon State University (RSU), at Occidental Mindoro State College (OMSC) ang lumahok sa nasabing quiz bee. Ang quiz bee ay hinati sa apat na bahagi – ang elimination round, easy, moderate at difficult round.



Ang mga paksa ng nasabing pagsusulit ay umikot sa mga konsepto ng organikong agrikultura at legal na aspeto (RA 10068), RA 11511, Participatory Guarantee System, Philippine National Standards sa Organikong Agrikultura, Fertilizers, Concoctions and Extracts, Organic Agriculture Technologies at mga

kasalukuyang kaganapan na may kaugnayan sa OA.

Matapos ang isang serye ng mga round, nakamit ng mga kalahok mula sa OMSC ang limang puwesto sa quiz bee - mula sa ika-4 na puwesto hanggang sa Kampeon, at itinanghal na pangkalahatang kampeon sa nasabing kompetisyon.



Ang mga nanalo sa quiz bee ay sina M-jay B. Ulpindo (Champion), Wengel Enrick C. Inocencio (1st Place), Aliah Alleyne L. Canals (2nd Place), Marielle Ann R. Magbanua (3rd Place) at Riza M. Soriano (4th Place).

Ang mga nagwagi ay tumanggap ng mga premyong cash na nagkakahalaga ng Php 10,000.00, Php 7,000.00, Php 5,000.00, Php 3,000.00, at Php 2,000.00, ayon sa pagkakasunod-sunod, kasama ang mga medalya at sertipiko. Samantalang, ginawaran din ang OMSC ng Php 7,000 at trofeo.



Samantala, kinatawan ni G. Ulpindo ang rehiyon ng MIMAROPA sa pambansang kompetisyon noong Nobyembre bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Organikong Pagsasaka kung saan nakuha niya ang pangsiyam na puwesto sa 14 na kalahok.

## 3 PGS GROUPS SA MIMAROPA, GINAWARAN NG PARTICIPATORY ORGANIC CERTIFICATES

ni: Jezell dT. dela Cruz

**G**inawaran ng Participatory Organic Certificates (POC) ang mga pangunahing miyembro ng tatlong (3) Participatory Guarantee System (PGS) na grupo sa rehiyon ng MIMAROPA bilang bahagi ng 9th Regional Organic Agriculture Congress (ROAC) na ginanap noong ika-29 ng Agosto 29 sa Magsaysay, Occidental Mindoro.

Ang mga grupong ito ay ang Palawan Organic Farmers Association Municipal PGS Group mula sa Quezon, Palawan; Organico Mindoreño-Magsaysay Chapter sa Magsaysay, Occidental Mindoro; at Aborlan PGS Group sa Aborlan, Palawan. Sila ay opisyal na tumanggap ng kanilang mga POC matapos sumunod sa mga pamantayan ng

Philippine National Standards kaugnay sa Organikong Agrikultura.

Bago ang farm inspection ng Bureau of Agriculture and Fisheries Standards (BAFS), ang mga grupong ito ay sumailalim sa sampung (10) araw na intensive "Training on Participatory Guarantee System (PGS) for Organic Implementers and Identified PGS Organization" na isinagawa ng Agricultural Training Institute MIMAROPA sa pakikipagtulungan ng Department of Agriculture MIMAROPA Region. Binigyan Binigyan ang mga grupo ng komprehensibong pagsasanay na may kaukulang kaalaman at kasangkapan upang epektibong maipatupad ang mga

kasanayan sa PGS sa kani-kanilang mga lokalidad.

Ang paggawad ng POCs ay pinangunahan ni Ms. Geeza June Painaga, Science Research Specialist ng BAFS.

Ang mga PGS Group na ito ay ang unang tatlong PGS Group sa MIMAROPA na magkasunod na na-certify ng BAFS noong Hulyo at Agosto 2023. Samantalang pagkatapos nito, inaasahan na sila ay sasailalim sa proseso ng akreditasyon ng BAFS upang maging opisyal na akreditadong organic certifying body sa kani-kanilang lugar sa taong 2024.



# ATING TINDAHAN, BUKAS NA!

ni: Erlan D. Pasana



Ang ATI MIMAROPA ay naglunsad ng bagong inisyatiba na tinatawag na "ATIng Tindahan" upang tumulong sa pagsulong ng abot-kayang produktong agrikultura at suportahan ang mga lokal na magsasaka sa rehiyon.

Isang ribbon-cutting na pinangunahan ni Center Director Pat Andrew B. Barrientos kasama si Ms. Annalou B. Tejada ng Department of Agriculture (DA) MIMAROPA Region, LSA MIMAROPA President at Cooperator ng LongField Agricultural Learning Center na si G. Derwin Evangelista at G. Nelson Gabutero, Sr., cooperator ng Gabutero Organic Farm ang proyektong "ATIng Tindahan" na matatagpuan sa ATI MIMAROPA CAFÉ Hall A.

Naka-angkla sa programang KADIWA ng DA, ang "ATIng Tindahan" ay idinisenyo upang makatulong na mapataas ang kita ng mga LSA at FA sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng direktang pamilihan para sa kanilang mga produkto.



## MGA PRODUKTO NG ATING TINDAHAN

Ang "ATIng Tindahan" ay nag-aalok ng iba't ibang produkto tulad ng Artemisium café latte, banana sticks, bayabas fruit vinegar, calamansi concentrate with ginger, calamansi powdered juice, Erondo's yema spread, ginger turmeric brew, oyster mushroom chicharon, patis Sablayan, peanut butter, red rice coffee, salabat, stevia powder, at cacao fruit vinegar, at iba pa.

Ang nasabing mga produkto ay direktang kinukuha mula sa LSAs at FAs upang i-promote at ibenta.



Ano pa ang hinihintay mo? Bisitahin ang "ATIng Tindahan" sa ATI-MIMAROPA!

# BAGONG USBONG NG ORGANIKONG MAGSASAKA: TAGUMPAY NG YSGOF

ni: Jezell dT. dela Cruz

**M**atapos ang siyam (9) na buwan ng on-site internship program, matagumpay na nagtapos ang Youth Scholarship Grant on Organic Farming ng Agricultural Training Institute (ATI) sa Unang Bahagi ng Youth Scholarship Grant on Organic Farming ika-27 ng Nobyembre 2023.

Ang programa na may habang 21 buwan ay naglalayong mahikayat ang mga kabataan sa "buhay ng isang magsasaka" at ang prinsipyong organic farming. Binubuo ito ng 1) siyam na buwang pag-aaral at on-site training sa farm partners, at 2) isang taon ng praktikal na karanasan at implementasyon ng kanilang inihandang organic enterprise sa kani-kanilang sakahan.

Bukod sa buwanang stipend na PhP5,000.00 sa loob ng siyam na buwan at PhP10,000.00 para sa sumunod na taon, tatanggap rin sila ng tulong pinansiyal na umaabot sa PhP150,000.00 batay sa kanilang aprubadong Business Model Canvas.



Sa isang simpleng seremonya, itinanghal ang mga interns bilang mga bagong magsasakang organikong handang harapin ang hamon ng pag-oorganiko at pagnenegosyo. Sila ay binigyan ng pagkakataon na magbahagi ng kanilang mga karanasan at natutunan sa buong programa.

“Napakalaking pasasalamat ko po na ako po ay nakasali sa programang ito. Sa siyam na buwan na naging intern ako sa Gabutero Organic Farm, nakita ko talaga na napakalaki ng opportunity natin sa agrikultura, kailangan lang natin i-explore. Gayundin, hindi lamang mga teknolohiya sa pagsasaka ang aking natutunan, mas lalong higit sa mga katangian at pag-uugali na kailangang taglayin naming upang maging matagumpay kaming mga magsasaka.

Claire S. Balderas, isa sa mga grantees ng YSGOF.



Hinamon din niya ang kaniyang kapwa grantee na iimplement ng ayos ang kani-kanilang mga Business Model Canvass at pagsumikapang palaguin ang paunang puhunang ipagkakaloob sa kanila.

Bilang pagkilala sa kanilang tagumpay, highlight ng naturang seremonya ay ang awarding ng start-up capital na nagkakahalaga ng PhP 150,000.00 para sa kanilang napiling agri-business.

Ang start-up capital na ibinigay ay magiging pundasyon para sa kanilang naisip na Agri-Enterprise. Inaasahan na sa pamamagitan ng kanilang mga natutunan, magiging matagumpay ang kanilang agri-enterprise at maging inspirasyon sa iba pang kabataan na pangarapin ang organikong agrikultura.

Sa pagtatapos ng programa, nagpahayag si Ms. Josephine G. Darm, IS Chief ng kanyang pagbati at suporta sa mga bagong magsasaka. "Do not fear change, embrace change" dahil diyan kayo lalago bilang indibidwal at mga magsasaka," aniya.

Ang Youth Scholarship Grant on Organic Farming ay isang hakbang ng Kagawaran ng Pagsasaka sa panguguna ng National Organic Agriculture Program at ATI upang itaguyod ang pagsasaka sa bansa at bigyang inspirasyon ang mga kabataan na maging bahagi ng agrikultura. Sa pagtatapos ng internship program, nagiging tulay ang programa para sa mga kabataan patungo sa masaganang buhay sa agrikultura.



A man wearing a large woven straw hat and glasses, holding a corn cob and a bowl of larvae. The background is a dark, textured wall with some faint text visible, including "BROODI".

# PAGSUSURI AT PAGSULONG

Kwentong BSF Farming ni G. Nelson B. Gabutero, Sr.  
-ni Jezell dT. dela Cruz

“

*Ang pangarap ko ay hindi lamang tungkol sa kita, kundi sa masusing pagsusuri sa ating kapaligiran. Inaaral ko ang mga natural na proseso at nakakita ako ng potensyal na kapakinabangan nito sa ating mga magsasaka na hindi na gagastos nang malaki at nakakatulong pa tayo na mapabuti ang ating kalikasan*

”



**S**a kasalukuyang panahon kung saan mataas ang presyo ng mga commercial feeds, isang napakahalagang aspeto ng pagsasaka ang pagsusuri at paghahanap ng alternatibong paraan ng pagpapakain ng hayop na nagtataglay pa rin ng masusing pangagalaga sa kalikasan.

Kilala si G. Nelson B. Gabutero Sr., cooperador ng Gabutero Organic Farm, hindi lamang bilang isang matagumpay na magsasaka kundi bilang isa sa mga nangungunang organic practitioners sa rehiyon. Isa rin siyang cooperador ng School for Practical Agriculture ng Agricultural Training Institute MIMAROPA.

Ang kanyang kwento ay isang paglalakbay mula sa pagiging guro patungo sa pagiging lider sa sektor ng organikong pagsasaka. Ang Gabutero Organic Farm na matatagpuan sa Brgy. Labonan, Bongabong, Oriental Mindoro ay hindi lamang isang matagumpay na negosyo kundi isang halimbawa ng pagkakaroon ng sustenableng pamamaraan ng pagsasaka sa pamamagitan ng organikong agrikultura. Dahil dito, kinilala siya bilang isang Gawad Saka Awardee sa larangan ng organikong pagsasaka noong 2019. Ang parangal na ito ay nagpapatunay sa kanyang dedikasyon at tagumpay sa pagpapalaganap ng organikong pamamaraan sa pagsasaka.

Mula sa pag-aaral ng African Night Crawler, matagumpay niyang naisagawa ang vermiculture, isang paraan ng paggamit ng bulate upang maging natural na pataba sa kanyang mga pananim. Siya na ngayon ang isa sa mga malalaking suppliers ng African Night Crawler, vermicast at vermicompost sa rehiyon.

Subalit sa kabila ng kanyang tagumpay sa larangan ng pag-oorganiko, partikular sa vermiculture, hindi ito naging hadlang sa kanya upang magpatuloy sa pananaliksik ng mga teknolohiyang ligtas at abot-kaya para sa mga magsasaka. Dito nakita niya ang kagandahan ng pag-aalaga ng Black Soldier Fly (BSF).



Natuklasan niya ang potensyal ng naturang insekto sa produksyon ng mataas na kalidad na pakain para sa hayop. Isa itong hakbang sa pagiging sustainable at cost-efficient na magsasaka, lalo na sa panahon ng mataas na presyo ng pagkain para sa mga alagang hayop.



Ayon sa kanya, ang BSF ay hindi isang pangkaraniwang langaw na mapaminsala katulad ng mga household flies. Ito'y kilala sa pagiging epektibong organikong decomposer na maaaring mag-convert ng organic waste tulad ng mga tirang pagkain, prutas, gulay at mga farm wastes patungo sa masustansiyang pagkain. Ang larva ng BSF ay mataas sa protina, paborito ng mga poultry at baboy, at nagiging mahalagang bahagi ng balanced diet para sa mga ito.

Upang mapatunayan ang dulot nitong benepisyo sa mga magsasaka, nagsagawa siya ng sariling pagtutok, pananaliksik at pagsasanay sa iba't ibang aspeto ng pag-aalaga at pangangalaga ng BSF.

Katunayan, sa kanyang mga praktikal na pananaliksik sa BSF, isinagawa ni G. Gabutero ang epekto nito sa pagpapataba ng manok at native na baboy. Ayon sa kanya, gamit ang purong BSF larvae bilang pakain, ang broiler ay umabot ng 1.8 kg. sa loob ng 30 araw. Sa kalahating ratio ng BSF at commercial feeds, ang timbang ng broiler ay nagkaroon ng parehong bigat sa loob ng 32 araw. Samantalang ang purong commercial feeds ay umabot lamang ng 34 araw bago makamit ang parehong bigat. Samantala, sa karaniwan na pag-aalaga ng native baboy, umaabot sila ng pitong (7) buwan upang tumimbang ng 25 kilo, subalit sa kanyang pag-aaral gamit ang pakain na may halo ng BSF larvae, umabot lamang sila ng limang buwan upang maabot ang kaparehong timbang. Napansin din niya na malinamnam ang karne, manapis ang balat at naging pino ang balahibo ng baboy.



"Sa ganitong resulta, masasabi ko na ang BSF larvae ay epektibong alternatibong pagkain para sa mga alagang hayop, partikular sa manok at baboy," wika ni G. Gabutero.

Sa ngayon, ginagamit na rin niya ang BSF larvae na pakain sa kanyang tilapia, hito, itik at ornamental fish.

Maliban dito, ibinida niya na hindi lang larvae ang maaaring pakinabangan sa BSF dahil ang dumi nito na tinatawag na frass ay mainam na gawing pataba at ginagawa din nilang concoction pang-spray sa mga halaman.

Wika pa ni G. Gabutero, hindi mahirap alagaan at paramihin ang BSF. Kinakailangan lang ng tuloy-tuloy na pagpapakain dito na makikita at makukuha din lamang sa ating kapaligiran tulad ng mga tirang gulay, prutas at basura sa bukid. "Kami ay nagsimula lamang noong February 2023 at makalipas lamang ng walong (8) buwan, nakakapag-harvest na kami ng average na 150 kilograms ng BSF larvae kada araw," aniya.

Sa panayam sa kanya kung ano ang nag-uudyok sa kanya na pag-aralan at gamitin ang mga hindi gaanong kapansin-pansin na mga bagay tulad ng mga bulate, insekto at iba pa, ito ang kanyang naging sagot:

"Ang pangarap ko ay hindi lamang tungkol sa kita, kundi sa masusing pagsusuri sa ating kapaligiran. Inaaral ko ang mga natural na proseso at nakakita ako ng potensyal na kapakinabangan nito sa ating mga magsasaka na hindi na gagastos ng malaki at nakakatulong pa tayo na mapabuti ang ating kalikasan," wika niya.

Kaya naman, hinihikayat niya ang kaniyang kapwa magsasaka na pag-aralan, tuklasin at gawin ang pag-aalaga ng BSF lalo na ngayon na mahal ang commercial na pakain sa hayop.



"Kami naman, sa pamamagitan ng ATI ay libre ang pagsasanay dito at ang Gabutero Organic Farm ay handang tumulong sa ating mga magsasaka. Willing din kami na magbigay ng breeder upang mapabilis ang pagpapalaganap ng BSF Farming," panghihikayat niya.

Sa likas na pagmamahal ni G. Gabutero sa kalikasan at pagmamahal sa pagsasaka, patuloy siyang nagiging inspirasyon sa mga nagnanais na maging matagumpay sa larangan ng organikong pagsasaka. Isa siyang huwarang magsasaka at tagapagtaguyod ng organikong agrikultura na nagpapakita kung paano ang maliit na hakbang ay maaaring magdulot ng malaking pagbabago sa ating kalikasan. Gayundin, naniniwala siya na ang tagumpay sa organikong pagsasaka, ay isang paglalakbay patungo sa puso ng kalikasan, kung saan bawat nilalang, maliit man o malaki, ay may kanya-kanyang papel at kahalagahan.

## COCO FBS: KUMIKITANG KABUHAYAN SA PAGNINIYUGAN

ni: Roseanne D. Nilo

"Ang pagpunta ko dito ay wala talaga sa plano, pero ngayon na nandito na ako ay nakikita ko na yung significance ng coconut industry na sobrang laki ng potential. During the lectures, iniisip ko na we are being given tools para makatulong. Matulungan yung sarili natin in a way na magkaroon ng social responsibilities sa mga nakapaligid sa atin. Napakagandang platform nito na maging helping hand tayo sa mga farmers. Nais ko din lang ibahagi yung isang quote ko na nabasa na nagsasabi na whoever saves the life, saves the world, imagine lahat tayo makatulog, napakalaking bagay na nun."

Ito ang naging pahayag ni Joaquin Philippe I. Ortega, cooperador ng Patio Agricultural Farm sa kaniyang impresyon sa ginanap na Training of Trainers on Coconut Farm Business School (FBS) noong ika 10-20 ng Oktubre 2023 sa Ala-Amid, Puerto Princesa City, Palawan.

Isa si G. Ortega sa 20 kalahok na matagumpay na nagsipagtapos ng sampung (10) araw na pagsasanay kaugnay sa Coconut Farmers Industry Development Program (CFIDP).

Ang mga kalahok ay binubuo ng mga cooperators ng Learning Site for Agriculture at lider ng magsasaka ng niyog mula sa lalawigan ng Palawan.

Layunin ng pagsasanay na tulungan ang mga magsasaka sa pagtataguyod at pagpapatibay ng kanilang mga sakahan bilang mga kumikitang negosyo. Sa loob ng sampung (10) araw, itinuro sa mga kalahok ang iba't ibang bahagi ng FBS gayundin ang mga programa na nakapaloob sa CFIDP.

Samantala, nagsagawa din ng benchmarking ang mga kalahok upang magkaroon ng ideya sa kasalukuyang kalakaran ng presyo sa pagniniyog at malaman ang iba't ibang kasanayan na maaari nilang gamitin sa kanilang sakahan. Isinagawa ang benchmarking activity sa dalawang (2) sakahan ng niyog na natukoy ng Philippine Coconut Authority (PCA)-Palawan at nabigyan din ng pagkakaton silang mabisita ang tatlong (3) Learning Site for Agriculture (LSA) ng DA-ATI MIMAROPA - ang ALOHA Farm, Javenri Farm at Patio Agricultural Farm na matatagpuan din sa Puerto Princesa City, Palawan.

Bilang bahagi ng pagsasanay, iprinesenta ng mga kalahok ang kanilang ginawang Business Plan bilang output sa pagsasanay. Tumayong kritiko si Cristina G. Magnaye, Training Specialist III ng ATI MIMAROPA at G. Mitchell Gimena, Co-Founder Farm Konekt at Chairman ng Project Zacchaeus Cooperative. Hinikayat ni G. Gimena ang mga kalahok na ipagpatuloy ang pagbuo ng mga innovative business proposals at kanyang hinahangaan ang mga ito sa dedikasyon nila sa pagsasaka.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Center Director Pat Andrew B. Barrientos ng ATI MIMAROPA na patuloy na magsasagawa ng mga kahalintulad na pagsasanay ang ahensya upang mahikayat ang iba pang magsasaka na tingnan bilang isang kumikitang kabuhayan ang kanilang mga sakahan.

Ang naturang pagsasanay ay isinagawa sa pakikipagtulungan sa PCA Region IVB.



# PAGSASANAY AT PAGHUHUSAY: DAAN TUNGO SA MATATAG NA EKONOMIYA NG INDUSTRIYA NG MAGNINIYOG

ni: Cheri Dawn F. Falogme



**S**a bisa ng Batas Republika Blng. 11524 o ang Coconut Farmers Industry Trust Fund Act na nilagdaan ni dating Pangulong Rodrigo R. Duterte noong ika-26 ng Pebrero 2021, ay nagkaroon ng Coconut Farmers Industry Development Plan (CFIDP). Ang planong ito na isasakatuparan sa lob ng 50 taon ay naglalayong palakasin ang kakayahan ng mga magniniyog sa pamamagitan ng mga programa sa rehabilitasyon at modernisasyon ng industriyang ito gamit ang pondo ng Coco Levy.

Sa ilalim ng Social Protection Program ang Agricultural Training Institute (ATI), na may alokasyong apat na porsyento (4%) ng kabuuang pondo, ay naatasang mangasiwa at magbigay ng mga pagsasanay para sa ating magniniyog upang makamit ang mithiin ng isang Matatag, Maginhawa at Panatag na Buhay.

Ang pagpapakadalubhasa sa pagtatanim, pagpapalago at pangagalaga ng Niyog or Coconut Specialist Training Course ang pinaka-unang pagsasanay na isinagwa ng ATI na dinaluhan ng Agricultural Extension Workers buhat sa iba't-ibang probinsiya sa MIMAROPA. Ito ay naglalayong makabuo ng grupo ng mga tagapagsanay sa bawat probinsiya na magiging kaagapay sa pagbabahagi ng kaalaman sa mga hakbang, mga proseso at teorya na kaugnay sa coconut value chain. Ito ay sinundan ng mga Training of Trainers (TOT's) at Farmer

Level Trainings na nakatuon sa mga paksa tulad ng Produksiyon, Nursery Establishment, Coffee and Cacao Integration, at Livestock Integration sa mga niyugan.

Naimbitahan rin sa ilang pagsasanay ang mga ahensyang kaagapay sa pagpapatupad ng mga programa upang maibahagi ang mga plano, at serbisyong maaring makuha ng mga magsasaka. Nagkaroon rin ng pagsasanay tungkol sa Farm Business upang malinang ang kasanayan sa pagbuo at pamamahala ng isang negosyo. Sa kubuuan, 751 na mga indibidwal ang nakadalo sa mga pagsasanay na isinagawa ng ATI MIMAROPA.

Ang ATI MIMAROPA ay nagsawa rin ng mga konsultasyon at planning workshop upag masiguro ang maayos na pagpapadaloy at komplementasyon ng mga programa ng iba't-ibang ahensya. Bukod dito, aktibong nakibahagi ang ATI sa mga pagpupulong at iba pang gawain ng Regional Inter-Agency Technical Committee na isinagawa ng PCA upang mas lalong mapaganda ang daloy ng implementasyon ng programa.

Layunin ng ATI na sa mga susunod na mga taon ay mas pagbutihin pang lalo ang de-kalidad na serbisyong naibibigay sa mga magsasaka at sa pamamagitan ng mga pagsasanay ay mas yumabong at mas tumatag ang ekonomiya ng industriya ng magniniyog.



# RADYO ESKWELA SA PAGPAPALAYAN AT PAGNINIYUGAN, MAHIGIT 3,000 ANG NAGSIPAGTAPOS

ni: Erlan D. Pasana



nagniniyugan hinggil sa paggamit ng modernong pamamaraan sa pagsasaka ng niyog, kasama na ang pagpoproseso ng mga produkto nito.

Katuwang ang Philippine Coconut Authority, Department of Trade and Industry, Department of Agriculture-High-Value Crops Development Program, Technical Education and Skills Development Authority, at Lokal na Pamahalaan ng Provincial Agriculture Office-Romblon, at mga Munisipyo ng Odiongan, Looc, Calatrava, San Agustin, Alcantara, and San Andres, may kabuuang 500 kalahok ang nagsipagtapos.

**P**inangunahan ng ATI-MIMAROPA ang pagpatupad ng dalawang (2) School-on-the-Air Program (SOA) o Radyo Eskwela tungkol sa pagpapalayan at pagniniyugan sa Probinsya ng Occidental Mindoro at Romblon kung saan 3,039 ang nagsipagtapos na kinabibilangan ng mga magsasaka, mag-aaral, grupo ng kababaihan, mga asosasyon at mga kooperatiba.

Ang SOA na may temang “Palay Aralan: Makabagong Pagsasaka sa Himpapawid” na napakinggan sa 101.7 FM Radyo Natin San Jose at 103.3 FM Radyo Natin Sablayan mula ika-3 ng Abril hanggang ika-28 ng Hunyo ay tinangkilik ng 2,539 na magsasakang nagpapalayan.

Sa loob ng dalawampu’t limang pagsasaere ng programa, itinuro sa mga kalahok ang mga makabagong teknolohiya sa pagsasaka ng palay. Gamit ang konspeto ng Sistemang Palay Check, natutunan nila ang tamang pamamaraan mula sa pagpili ng binhi at

barayti na itatanim; pamamahala ng lupa; pamamahala ng sustansya, tubig at peste sa palayan; at hanggang sa pag-aani at pagsisinop ng inaning palay.

Naging matagumpay na naisakatuparan ang programa dahil sa pakikipagtulungan ng Philippine Rice Research Institute, Department of Agriculture MIMAROPA Region, Occidental Mindoro State College, at Philippine Information Agency, kasama ang Lokal na Pamahalaan ng Provincial Agriculture Office-Occidental Mindoro, at mga Munisipyo ng Magsaysay, San Jose, Rizal, Calintaan, Sablayan, Santa Cruz, Mamburao, at Abra de Ilog.

Samantala, sumahimpapawid naman ang SOA na may temang “Masaganang Coco-buhayan: Radyo Eskwela sa Pagniniyugan” noong ika-5 ng Hulyo hanggang ika-14 ng Nobyembre sa 101.3 FM Radyo Natin Odiongan at 104.5 Radyo Natin Looc. Ang programa ay nakapagbigay ng bagong kaalaman sa mga magsasakang



Bilang gantimpala, binigyan ng sertipiko at mga papremyo, tulad ng binhi ng palay, knapsack sprayer, abono, at iba pang gamit pangsakahan ang lahat ng nagsipagtapos.

Sa tulong ng alternatibong pamamaraan gamit ang ibat-ibang radio formats, recorded airings at social media platforms kagaya ng Facebook page at YouTube channel ng ATI MIMAROPA, pinatunayan ng programa na radyo pa rin ang pinakamabisang paraan para maipaabot ang mahalagang impormasyon sa agrikultura sa maraming magsasaka.

## PAGDIRIWANG NG KASAYSAYAN: MATAGUMPAY NA PAGSASAGAWA NG NRAM

ni: Jayson N. Erondo



**M**atagumpay at produktibo ang naging pagdiriwang ng National Rice Awareness Month (NRAM) na idinaos noong ika-17 ng Nobyembre 2023 sa Municipal Gymnasium, Odiongan, Romblon. Ito ay dinaluhan ng 36 na magsasaka ng palay na nagmula sa anim (6) na munisipyo ng nasabing probinsya – San Andres, Looc, Odiongan, Ferrol, Sta. Fe, at Alcantara.

Isa sa mga naging tampok na gawain kaugnay ng pagdiriwang ay ang Rice Quiz Bee kung saan ang limang (5) kinatawan ng bawat bayan ay nagpamalas ng kanilang husay at talino patungkol sa pagpapalay. Nagwagi sa nasabing patimpalak ang Bayan ng Alcantara, pumangalawa ang Bayan ng Looc, at sinundan ng Bayan ng San Agustin.

Kasabay nito, isinagawa rin ang Rice Cooking Contest na naglalayong maipakita ang talento ng mga magsasaka pagdating sa pagluluto ng iba't-ibang recipe gamit ang iba't-ibang uri ng tradisyonal na baryati ng bigas. Tatlong (3) bayan ang nagpamalas ng angking galing sa nasabing kompetisyon. Nakuha ng Bayan ng Odiongan ang unang pwesto, kasunod ang Bayan ng San Andres, at nakuha ng Bayan ng Looc ang ikatlong pwesto.

Ang mga nagwagi sa Rice Quiz Bee at Rice Cooking Contest ay nakatanggap ng gantimpala (cash prize), binhi ng gulay at abono. Bukod sa mga isinagawang aktibidades, naging mas kapana-panabik ang selebrasyon dahil sa ginanap na raffle draw kung saan ang mga nanalo ay nag-uwi

ng abono, pala, at mga binhi ng iba't-ibang gulay.

“

*Natutuwa po ako dahil yung mga lumabas sa quiz bee ay yung mga natutunan namin sa pag-aaral ng FFS na naging malaking tulong para sa amin*

”

**Edralyn R. Rivera ng  
Brgy. Poblacion  
Alcantara, Romblon.**

Ayon din kay Julito V. Candido ng Brgy. Madalag, Alcantara na malaking tulong din ang naging gawain lalo na sa mga natanggap nilang premyo tulad ng abono, binhi ng gulay at pala. “Sana po taon-taon ay may ganitong activity para makapag-enjoy po kami,” dagdag niya. Ang NRAM ay isinasagawa tuwing Nobyembre sa bisa ng Presidential Proclamation No. 524 na nilagdaan noong ika-5 ng Enero 2004.



## “MAY MALAKING FUTURE SA AGRICULTURE.”

ni: Josephine D. Umali

“May malaking FUTURE sa AGRICULTURE.” Ito ang mensaheng palaging ipinaparating ni Reynante “Reynan” Agustin ng Agustin’s Farm sa kanyang mga nakakasalamuha at sa mga bumibisita sa kanyang farm sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro. Sa edad niyang 43 taong gulang, masasabi niyang kahit papaano ay napapatunayan na niya ito.

Si Reynan ay lumaki at payak na namuhay sa pamamagitan ng pagsasaka. Aniya, ang pagsasaka ang kinalakhan niyang propesyon ng kanyang mga magulang. Ito din ang naging pangunahing pinagmumulan ng kanilang pangkain sa araw araw.

Kaya naman, kahit nauso ang kursong Computer Science noong siya ay nagkolehiyo, bumalik pa rin ang puso niya sa pagsasaka. Mula sa inspirasyong nakuha niya sa kanyang magsasakang ama, pinasok din niya ang propesyon ng pagsasaka kung saan nagsimulang magbukas ang iba’t ibang oportunidad para sa paglago ng kanyang pamumuhay.

Marami siyang dinaluhang pagsasanay mula sa iba’t ibang ahensya ng Kagawaran ng Pagsasaka. Dito din ay lumalim ang kanyang pakikipagkapawa tao at nabuo ang maraming pakikipag-ugnayan at relasyon sa mga tanggapan ng gobyerno, higit lalo sa Lokal na Pamahalaan ng Abra De Ilog ng Occidental Mindoro. Sa katunayan, siya ay isang Local Farmer Technician hanggang sa ngayon. At sa kanyang pagdalo ng mga pagsasanay ay nagkaroon siya ng pagkakataong malaman ang programa ng iba’t ibang ahensya gaya ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) MiMaRoPa, DA Regional Field Office MiMaRoPa, Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), LGU-MAO, LGU-PESO at iba pa.

Kaya naman nabigyan din siya ng DA-Regional Field Office MiMaRoPa ng mga kagamitan gaya ng solar pump, pump engine, pump irrigation system na nagagamit na niya ngayon sa kanyang pagsasaka.

Dahil sa galing at kahanga-hangang pagpapamalas ng kahusayan ng pagiging isang magsasaka, nakatanggap siya ng dalawa sa pinakamataas na pagkilala sa larangan ng pagmamais at pagpapalay. Siya ay CORN GAP at GAWAD SAKA (RICE) awardee sa buong rehiyon ng MiMaRoPa.

Siya ngayon ay certified Learning Site ng ATI MiMaRoPa sa ilalim ng programang Rice Competitiveness Enhancement Fund at accredited Farm School na din ng TESDA MiMaRoPa. Mayroon siya ngayong tatlong kursong iniooffer sa kanyang farm School gaya ng Digital Agriculture Course, Pest and Nutrition Management at ang Farmers Field School on Rice. Aniya, malaking katulungan sa kanya ang nakuha niyang Php 300,000.00 sa ATI at ang pondong nakukuha niya sa TESDA bilang Farm School dahil mas napapalago niya ang kanyang mga pasilidad at mas gumaganda ang kanyang farm. Ilan sa mga nadagdag sa kanyang farm ay ang traktora na kailangan sa demonstrasyon, training materials, at isa pang training hall facility para mas makapagacommodate ng mas maraming kliyente sa farm.

Dahil higit sa kung anupaman, masaya siya na kapag dumarating ang mga bisita sa kanyang farm, ay marami silang natutunan mula sa mga demonstrasyon na kanyang ginagawa.

Sa pagnanais na patunayan na may pera sa agrikultura, sumubok din siyang magtayo ng tindahan ng agricultural supply. Aniya, mahalagang ilapit sa mga magsasaka ang mga kailangan nila sa pagsasaka nang sa gayon ay mabawasan ang nadarama nilang kahirapan. Kaya naman, dahil dito, siya rin ngayon ay credited merchant for fertilizer voucher ng DA-RFO-MiMaRoPa sa kanilang lugar.

Sabi niya ay mahalaga din ang maayos na pakikipagtuwangan sa mga ahensya at sa LGU ng Abra De Ilog, dahil isa din sa ikinatutuwa niya ay ang pakikipag-ugnayan ng LGU-PESO sa kanyang farm kung saan pipili sa mga nagsipagtapos Agustin’s Farm ang partner ng LGU-PESO mula sa South Korea upang gawin silang seasonal farm worker sa loob ng anim na buwan sa darating na Marso 2024. Magandang oportunidad ito para sa mga magsasaka at mga susubok pa lang magsasaka. Masaya siya na sa pamamagitan ng farm at nga programa niya sa farm ay nakakatulong siya sa kanyang mga kababayan.

Aniya, gusto niyang baguhin ang mentalidad ng tao na mahirap magsaka, na pagtanim at pag-ani lang ang maaring gawin. Iba na ngayon ang makabagong magsasaka, dahil si Reynan, na likas mapagsaliksik sa mga bagay at programa ay nakakapagbigay serbisyo din sa mga magsasaka sa pamamagitan ng pagsasanay, may sariling tindahan ng agricultural supplies at nakapagbibigay pa ng ibang kaalaman sa mga kapawa magsasaka. Kailangan lamang ng determinasyon, dedikasyon at sipag para umunland sa buhay.

“Magpursige at tingnan na ang farming ay hindi trabahong mahirap. Ito ay isa larangan din na pwede kang kumita.”, ani Reynan.



**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**  
**REGIONAL TRAINING CENTER - MIMAROPA**

#ATIMIMAROPA #iShareKnowledge #ATiiNspire

**FARMERS CONTACT CENTER**

*"Ang Inyong Kaagapay sa usaping agrikultura"*



1-800-10-982-2474  
(Provincial toll-free)



0920-946-2474



[www.ati.da.gov.ph](http://www.ati.da.gov.ph)  
[www.e-extension.gov.ph](http://www.e-extension.gov.ph)



[info@e-extension.gov.ph](mailto:info@e-extension.gov.ph)



@atimimaropa

**CONTACT US**



Barcenaga, Naujan,  
Oriental Mindoro



[www.ati.da.gov.ph/ati-4b/](http://www.ati.da.gov.ph/ati-4b/)



[dcc\\_mimaropa@ati.da.gov.ph](mailto:dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph)



(043) 738 3663